7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 3

Aralin

6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino Baitang 7**
**Kuwarter 3: Aralin 6 (para sa Ikaanim na Linggo)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagapagbuo**

**Manunulat:**
- Rachel C. Payapaya (Philippine Normal University - Mindanao)

**Tagasuri:**
- Joel C. Malabanan, Ph.D. (Philippine Normal University - Manila)

**Konsultant:**
- Voltaire M. Villanueva, Ph.D. (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**FILIPINO/ BAITANG 7/ IKATLONG KUWARTER (ARALIN 6 - para sa Ikaanim na Linggo)**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong Pampanitikan (Tuluyan) sa Panahon ng Katutubo at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng *brochure* para sa bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda na isinasaalang- alang ang elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nasusuri ang tekstong pampahayagan (balita) batay sa estruktura at katangian nito.<br>*a. Natutukoy ang mga elemento ng tekstong pampahayagan.*<br>*b. Naisa-isa ang mga paraan ng pagsulat ng balita.*<br>*c. Nakababahagi ng mga napapanahong balita.* |
| **D. Nilalaman** | • Mga Tekstong Pampahayagan (Balita)<br>  - Elemento<br>  - Paraan ng pagsulat<br>• Mga Elementong Biswal sa Pagbuo ng Brochure |
| **E. Integrasyon** | • Responsableng pamamahayag<br>• Global na pagkamamamayan |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


Beltran, L. M. (2023). El Nino titindi hanggang unang bahagi ng 2024-PAGASA. *Pinoy Peryodiko.* https://pinoyperyodiko.manilatimes.net/2023/08/08/balita/el-nino-titindi-hanggang-unang-bahagi-ng-2024-pagasa/2048/

Borja D. F. (2023). 2 barko ng Pinas binangga ng West Philippine Sea. *Philstar.* https://www.philstar.com/pang-masa/police-metro/2023/10/23/2305805/2-barko-ng-pinas-binangga-ng-china-sa-west-philippine-sea

Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 7* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.

Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 8* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.

Komisyon sa Wikang Filipino. (2021). Filipino at mga Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino. https://www.bsp.gov.ph/Media_And_Research/Public_Advisories/Paliwanag-sa-Tema-ng-Buwan-ng-Wika.pdf

Department of Education. (2024). Matatag Curriculum Phased implementation of the Matatag curriculum. *deped.gov.ph.* https://www.deped.gov.ph/matatag-curriculum/

Reyes, B. (2014). Bahagi ng pahayagan. *Scribd.* https://www.slideshare.net/BernadethReyes/bahagi-ng-pahayagan-36855506

Santiago, C. (2020). Mga larawan mula sa pagsabog ng bulkang Taal. *Manila Today.* https://manilatoday.net/mga-larawan-mula-sa-pagsabog-ng-bulkang-taal/

Santiago, L. (2007). *Mga Panitikan ng Pilipinas*. C & E Publishing Inc. Quezon City.

Villanueva, V. M. (2018). #*ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino)*. VMV Publishing House

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|

**A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**

**Unang Araw**

**1.Maikling Balik-aral**

***(Pumunta sa pahina 1 ng Sagutang Papel)***

**TOTOO o PEKE**: Tukuyin kung totoo o hindi ang tinutukoy na impormasyon sa bawat bilang. Pumalakpak ng tatlong beses kung totoo; pumadyak naman ng tatlong beses kung di totoo. Ipaliwanag ang sagot.

1. Dalawang barko ng Pilipinas ang binangga ng sasakyang pandagat ng China sa *West Philippine Sea.*

https://www.google.com/search?q=2+barko+bng+Pinas+binangga+sa+China&tbm=isch&ved=2ahUKEwjpgO7QvvyDAxVrZGwGHVMlDbUQ2-cCegQIABAA&oq=2+barko+bng+Pinas+binangga+sa+China&gs_lcp=CgNpbWcQAzoFCAAQgAQ6DggAEIAEEIoFELEDEIMBOggIABCABBCxAzoKCA




2. Ang tanging dahilan ng madalas na paglindol sa Pilipinas ay ang malakas na pagputok ng mga bulkan sa ilalim ng dagat.

https://www.google.com/search?sca_esv=2894b8a3afae0f3b&sxsrf=ACQVn0-aDuk1F6jjpjIANpLVE3HeFoEkMg:1706325837106&q=larawan+ng+pagputok+ng



3. Ang El Niño sa Pilipinas ay mararanasan sa buong taon.

https://pinoyperyodiko.manilatimes.net/2023/08/08/balita/el-nino-titindi-hanggang-unang-bahagi-ng-2024-pagasa/2048/



**MGA TALA sa GURO:**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gawain.

Ang mga halimbawang gawain ay maaaring maging gabay o pagpipilian para lubos na maunawaan ang mga paksa.

Maaaring pangkatan ang gawain at ilahad sa buong klase ang awtput.


*Sagot:*

1. Totoo
Nangyari ito noong Oktubre 22, 2023.

2. Peke
Ang paggalaw ng *tectonic plates* sa *Philippine trench* ay nagdudulot din ng paglindol.

3. Peke
Ayon sa PAGASA, ang El Nino o pag-init ng temperatura ng

4. Ang MATATAG kurikulum ay ang bagong kurikulum na ipapatupad sa buong bansa.




Pag-isipan: Kailan naging makatotohanan o peke ang isang impormasyon?

1. **Pagkuha ng Pidbak**
   TALA-GAWA: Ilista ang mga nagawa na at gagawin pa lamang hinggil sa proyektong *comic book brochure* para sa ikatlong kwarter.

| Nagawa Na | Gagawin Pa | Tanong sa Guro |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

mundo ay mararanasan sa piling buwan lamang ng taon.

4. Totoo

Gabayan ang mga bata sa kanilang gagawin pa at sa mga bagay na di lubusang nauunawaan.

**B. Paglalahad ng Layunin**

1. **Panghikayat na Gawain**
   Gawin ang sumusunod na paraan sa interaktibong talakayan:

   **A. TANONG-BAKIT:** Sagutin ang mga tanong na may kaugnayan tungkol sa tatalakaying paksa.

Guro: Balita ka ba?
Mag-aaral: Bakit?
Guro: <u>Kasi ikaw ang unang gusto kong marinig tuwing umaga.</u>

Mag-aaral A: Pahayagan ka ba?
Mag-aaral B: Bakit?
Mag-aaral A: ________________________________

Ikalawang Araw

Mga gawaing panghikayat. Malaki ang ambag ng gawaing ito upang makuha ang atensiyon ng mga mag- aaral. Gamiting modelo ang gawaing inihanda.

| Mag-aaral A: | *Brochure* ka ba? |
|---|---|
| Mag-aaral B: | Bakit? |
| Mag-aaral A: | ______________________________ |

| Mag-aaral A: | Sanaysay ka ba? |
|---|---|
| Mag-aaral B: | Bakit? |
| Mag-aaral A: | ______________________________ |

**B. SURI-BALITA:** Basahin ang *headline* ng pahayagan at suriin kong ano ang ipinahihiwatig nito. Isulat ang sagot sa patlang.

***(Tingnan ang pahina 2 ng Sagutang Papel)***

Pag-isipan: Bilang mag-aaral, paano ka naaapektuhan ng mga balita?

**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**


Ang pagbabahagi ng impormasyon noong panahon bago dumating ang mgamananakop na Kastila ay naisasagawa sa pamamagitan ng tagapagbalita ng sinaunang barangay na tinatawag na *umalohokan*. Sa pananakop ng mga Kastila, ang unang pahayagang nalathala sa Pilipinas ay ang *Del Superior Gobierno* na unang lumabas noong Agosto 8, 1811. Natural na ang mga positibong balita lamang tungkol sa pamamahala ng mga Kastila ang nilalaman nito. Ang pahayagan naman ng Kilusang Propaganda, ang *La Solidaridad* ay unang lumabas noong Pebrero 15, 1899. Ang layunin nito ay ang ihayag ang panawagang reporma sa pamamahala ng mga Kastila sa Pilipinas at pinamahalaan ni Marcelo H. Del Pilar. Noong Enero 18, 1896 ay naglabas din ng sariling pahayagan ang Katipunan na tinawag na *Kalayaan*. Si Emilio Jacinto ang namahala nito na siya ring may-akda ng Kartilya ng Katipunan at gumamit ng *pen name* na *Pingkian*. Nang sakupin naman tayo ng mga Amerikano ay naglabas din sila ng unang pahayagan noong Oktubre 11, 1898, ang *The Manila Times*. Ito ang kinikilalang pinakamatandang pahayagan sa Pilipinas habang ikalawa naman ang Manila Bulletin na unang lumabas noong Pebrero 2, 1900. Magmula noon hanggang sa kasalukuyan, naging mahalagang kasangkapan ang mga pahayagan sa pagbabalita ng mga impormasyon. Sa paglaganap ng

Maaaring magdala ng awtentikong pahayagan ang guro at mga mag-aaral na gagamitin sa klase. Kung may pahayagang lokal ay mas mabuti.

Ipabasa ang mga *headlines* at tanungin paano ito binuo.

Ipasuri ang mga salitang ginamit sa pagbabalita.

Ipalista ang mga salitang di nila nauunawaan at ipahanap ang kahulugan sa diksiyonaryo.

| | | |
|---|---|---|
| | internet, nadagdagan ang kakayahan ng mga Pilipino na makabatid ng mga impormasyon. Iyon nga lang, kasabay na nagsulputan din ang mga *fake news*.<br><br>Marami na ngayon ang nababasa at naririnig natin na mga *fake news*. Tumutukoy ito sa mga pekeng impormasyon, balita, ulat na mali, mapanlinlang, o di totoo. Ginagawa ito ng mga taong may layuning mandaya, magmanipula ng opinyon o magdulot ng kaguluhan. Mahalaga na maging maingat at mapanuri sa pagbuo at pagtanggap ng mga impormasyon upang maiwasan ang *fake news* at mapanatili ang integridad ng impormasyon at pamamahayag.<br><br>**GABAY-TANONG:** Isaisip ang mga gabay na tanong sa ibaba.<br><br><br><br><br>**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>***(Tingnan ang pahina 4 ng Sagutang Papel)*** | *Sagot:*<br><br>1. Tekstong Pampahayagan<br>2. Balita<br>3. Baligtad na Piramide<br>4. Pamatnubay<br>5. Pangungusap na tukuyan<br>6. Pangungusap na balintiyak<br><br>Ipagamit sa pangungusap ang mga salita.<br><br>Hikayating magtanong ang mga bata kung may di nauunawaan. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWA AT IKATLONG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Tekstong Pampahayagan (Balita)**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**KONEK-KAALAMAN:** Ikonekta sa bawat bilog ang alam mo na sa bawat paksa. ***(Tingnan ang diagram sa pahina 5 ng Sagutang Papel)***<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**PATNUBAY-UNAWA:** Basahin ang akda. Isaisip ang mga gabay na tanongupang lubos na maunawaan ito. | May kalayaan ang guro na magdagdag ng ibang gawain.<br><br>Itanong:<br>Ano ang mga alam/di alam tungkol sa paksa?<br><br>Ano ang mainam gawin upang lalong maunawaan ang aralin tungkol sa tekstong pampahayagan? |

**Balita Bilang Tekstong Pampahayagan**

Ang tekstong pampahayagan ay isang anyo ng pagsulat na karaniwang ginagamit sa mga pahayagan upang maghatid ng impormasyon sa mga mambabasa. Ito ay kadalasang may tiyak na estruktura at katangian na sinusunod upang makapaghatid ng impormasyong malinaw at epektibo. Ang balita naman ay tumutukoy sa napapanahon at makatotohanang ulat ng mga pangyayaring naganap na, kasalukuyang nagaganap at magaganap pa lamang. Ito ay maaaring maibahagi sa pamamaraang pasalita, pasulat, at pampaningin. Mahalaga na may alam tayo sa mga balita dahil ito ay nagbibigay ng impormasyon, nagtuturo, lumilibang, at nakapagpapabago. Kaya mo bang magbigay halimbawa ng mga balitang nagdulot ng pagbabago sa iyong buhay?

A




**Gabay-Tanong**
1. Ano ang tekstong pampahayagan?
2. Ano ang estruktura ng tekstong pampahayagan?
3. Ano ang mga katangian ng isang balita?

**Katangian ng Isang Balita**

Taglay ng balita ang sumusunod na katangian: (1) *katotohanan*, ang mga impormasyon ay kailangang totoong nangyari at hindi gawa-gawa lamang; (2) *kawastuhan*, ang datos ay inilahad ng walang labis at walang kulang; (3) *katimbangan*, naglalahad na walang kinikilingan o pinapaboran sa alinmang panig o sangkot; at (4) *kaiklian*, di maligoy at diretsahan ang paglalahad ng impormasyon. Dagdag pa, hindi matatawag na balita ang isang balita kung hindi ito nakakapukaw ng interes ng iba. Ito ba ay tungkol sa kakaibang pangyayari? Pagbabago at kaunlaran? Romansa at pakikipagsapalaran? Matinding emosyon? Tunggalian? Kabantugan? Ano pa ang iyong maidagdag?

B




**Gabay-Tanong**
1. Paano sumulat ng isang balita?
2. Ano ang pamatnubay? Paano ito gagawin?
3. Ano ang di dapat gawin sa pagsulat ng balita?

**Mga Paraan sa Pagsulat ng Balita**

Ang pagsulat ng balita ay isang mahalagang kasanayan sa larangan ng pamamahayag. Mayroon itong mga pamaraan upang maging angkop ang pagsulat.

**1.** Gumawa ng ulo ng balita (*headline)* gamit ang pormat na:


Maaaring tahimik ang pagpapabasa sa teksto.

**PAKSA + KUWIT + PANDIWA + NG ANO/SA ANO**

Hal.

> PNU grad, nag-top sa LEPT 2023

2. Itala ang datos ayon sa kahalagahan nito. Unahing itampok ang pinakamahalagang datos bilang pamatnubay *(lead paragraph)*. Gamitin ang pabaligtad na piramide kung saan binabanggit ang pinakamahalagang detalye muna bago ang mga pansuportang detalye. Sasagot ang pamatnubay sa mga tanong na Ano, Sino, Saan, Kailan, Paano, Bakit.




Hal.

> Isang gradweyt ng Philippine Normal University Mindanao ang nag-top sa idinaos na September 2023 Licensure Examination for Professional Teachers o LEPT. Si G. Dee Jay Moreno ay nagtapos ng Batsilyer ng Agham Pang-edukasyon na may Ispesyalisasyon sa Pisika. Siya ay tubong Bayugan City...

3. Kapag nabanggit na ang kumpletong pangalan sa pamatnubay ay huwag na itong ulitin pa. Gumamit ng: sabi ni, wika niya, aniya, dagdag pa niya.
4. Pagsalitain ang taong kasali sa balita. Lagyan ng panipi ang dayalogo at tandaan na nasa loob ng panipi ang kuwit.

Hal.

“Nagpapasalamat ako sa dakilang Maykapal sa biyayang ito,” sabi ni Moreno sa isang panayam.

“Alay ko sa aking mga magulang ang aking tagumpay,” dagdag pa niya.

5. Iwasang magbigay ng opinyon sa balita at huwag lagyan ng kongklusyon ito.
6. Gawing maikli ang talata at gumamit ng payak na mga salita.
7. Hindi sosobra sa 75 salita ang pagtatalata ng balita.
8. Gamitin ang pangungusap na tukuyan kaysa balintiyak.
9. Isulat ang tuwiran at di-tuwirang sabi sa magkahiwalay na talata.
10. Ilahad ang dalawang panig na sangkot sa balita.

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**


**A. TANONG-TUGON:** Punan ang tsart kaugnay sa binasang paksa.

| TANONG | TUGON |
|---|---|
| **ANO**<br>Ano ang mahahalagang impormasyon na natuklasan mo mula sa binasa? | |
| **SAAN**<br>Saan dapat isulat ang mahahalagang detalye ng balita? | |
| **PAANO**<br>Paano isusulat ang epektibong balita? | |

| | | |
|---|---|---|
| | **B. SULAT-*HEADLINE*:** Sumulat ng mga halimbawang *headline o* ulo ng napapanahong balita. Maaaring kumuha ng balita sa loob at labas ng bansa. Sundin ang wastong pamaraan sa pagbuo nito.<br>***(Tingnan ang ika-IV ng pahina 6 ng Sagutang Papel)***<br><br>**C. GAWA-PAMATNUBAY:** Pumili ng isang *headline* mula sa mga naisulat. Dagdagan ito ng mga mahahalaga at pansuportang detalye.<br><br>____________________________<br>*Headline*<br><br>Sino/Ano ang paksa? ____________________________<br>Saan at kailan nangyari? ____________________________<br>Paano nangyari?____________________________<br><br>Bakit ito nangyari? ____________________________<br>Ilahad ang dayalogo ng kasangkot____________________________<br>Iba pang detalye____________________________<br>____________________________<br>____________________________<br>____________________________<br><br>**D. SULAT-BALITA:** Gamitin ang nabuong *headline* at mga detalye nito upang makasulat ng isang balita.<br>***(Tingnan ang pahina 9 ng Sagutang Papel)***<br><br>**Itanong:** 1. Ano ang estruktura at katangian ng iyong nagawang balita?<br>2. Paano pa ito mas mapapaunlad? | Maaari pang dagdagan ang mga tanong at mga gawain.<br><br>Magpakita ng mga larawan na maaaring mapagkukunan ng ideya para sa *headline*.<br><br>Maaaring ipawasto muna sa kapuwa mag-aaral ang gawang *headline* bago ipasa sa guro.<br><br>Tandaan na ang unang letra lamang ng *headline* o ulong balita ang nakasulat sa malaking titik maliban na lamang kung tanging pangalan.<br><br>Hikayatin na magbasa pa ng mga balita upang mas mapalawak ang kanilang bokabularyo.<br><br>Ipaalala ang wastong gramatika sa pagsusulat. May mga burador na iwawasto bago maisapinal ang balita. |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>Gawing gabay ang konsepto sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin. | Ikaapat na Araw |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**BINTANA ng PAG-UNAWA:** Balikang muli ang napag-aralan upang iugnay ang iba pang konsepto at kaisipan.




1. **Pagninilay sa Pagkatuto**
   **GABAY-NILAY:** Dugtungan ang mga pahayag batay sa iyong karanasan.

   Sa linggong ito:
   - Nalaman kong ______________________________________________.
   - Naranasan kong ____________________________________________.
   - Naramdaman kong ___________________________________________.
   - Para sa akin, ang responsableng pamamahayag ay_______________.
   - Magagawa ko ito sa pamamagitan ng____________________________.

</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>

**E. Pagtataya**

</td>
<td>

1. **Pagsusulit**

   A. **TANGHAL-BALITA:** Ibahagi ang balita sa buong klase na parang *news anchor.* Gawing batayan ang rubriks.

</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| Krayterya | Napakahusay (4) | Mahusay (3) | Papaunlad (2) | Nangangailangan ng Gabay (1) |
|---|---|---|---|---|
| **Boses** | Lubusang malinaw ang boses | Malinaw ang boses | Halos hindi marinig ang boses | Hindi maintindihan ang ibinabalita |
| **Kilos** | Lubusang kapani-paniwala ang pagiging tagapagbalita | Kapani-paniwala ang pagiging tagapagbalita | May kilos na nakasasagabal sa pagbabalita | Maraming kilos na nakasasagabal sa pagbabalita |
| **Kahandaan** | Walang iskrip na binabasa at may *eye contact* sa manonood | May ilang beses na tinitingnan ang iskrip | Binabasa ang iskrip ngunit tumitingin pa rin sa manonood | Binabasa ang iskrip at hindi na tumitingin sa manonood |
| **Kaangkupan ng Balita** | Napapanahon ang balita dahil halos isang linggo lamang ito | Halos dalawang linggo na ang balita | Isang buwan na ang balita | Higit isang buwan na ang balita |

**B. SURI-BALITA:** Suriin ang balita ayon sa estruktura at katangian nito.

| A. Pagbuo ng Anotasyon | Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi | Epektibong Pamamaraan | Problemang Naranasan at Iba pang Usapin |
|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | |
| | ***Kagamitan*** | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | |
| | ***At iba pa*** | | |
| **B. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | |